## ACTIVITY

A. Pagtugmain ang salita at larawan. Gumuhit ng linya na magdudugtong dito.

| | | | |
|---|---|---|---|
|  |  |  |  |
|  |  |  |  |

| | | | |
|---|---|---|---|
| palayok (clay pot) | karne (meat) | sabaw (soup) | tinapay (bread) |
| giikan ng trigo (threshing floor) | kumot ng lana (fleece) | tungkod (cane) | lipi (tribe) |

B. Lagyan ng check ang kahon kung ang pangungusap ay tama at ekis kung mali. Kung ekis ang sinulat, salangguhitan ang salitang nagpamali sa pangungusap.

☐ Si Gideon ay isang matapang at malakas na lalake.

☐ Minsan isang araw, binisita si Gideon ng isang kaibigan niya.


☐ Si Gideon ang pinili ng Diyos na magligtas sa Kanyang bayang Israel.

☐ Mabait ang mga Midianita sa mga Israelita.

☐ Naniwala agad si Gideon nang malaman na siya ang napili ng Diyos na manguna sa mga Israelita sa kanilang pakikipaglaban.

☐ Nagpakita ng tanda ang Diyos kay Gideon ng isang beses upang maniwala siya sa Kanya.

Makikita sa kwento na hindi agad naniwala si Gideon sa narinig na balita mula sa anghel sapagkat sa tingin niya ay wala siyang kakayanan na maging leader at tagapagligtas ng bayan ng Diyos. Nanalangin si Gideon sa Diyos at humingi sa Kanya ng palatandaan. Hindi lamang isang beses kundi dalawa. Ang kanyang kahilingan naman ay tinugon ng Diyos na nagpapatunay lamang ng Kanyang pagiging mapagpasensya. Dahil dito, nagtiwala ng lubos at sumunod si Gideon sa lahat ng pinagutos sa kanya ng Diyos. Handa ka rin bang magtiwala at sumunod gaya ni Gideon?



C. Kulayan ang larawan.



Ang mga batang tulad natin ay dapat na matutuhang makipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin. Maaari nating dalhin ang ating mga pagdududa at mga tanong sa Kanya. Isama na rin natin ang pagbabasa ng Kanyang salita upang malaman natin ang Kanyang mga pangako at pagtiwalaan ito. Ito ang mag-aalis ng pagdudua at pagaalangan sa ating kakayanan gaya ni Gideon.

D. Memory Verse

Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang mananangan sa sariling karunungan. **Mga Kawikaan 3:5**

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION INC.
• 2015 •